
1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1:

## Paniniwala Mo Igagalang Ko




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao– Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 1:** Paniniwala Mo Igagalang Ko
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | AMALIA S. CORDOVA |
| **Editor:** | MARITES P. TALOSIG |
| **Tagasuri:** | |
| **Tagaguhit:** | ROCHELLE TAGUBA, MARK RICCI MADDARA,GEMMA DUMALAG |
| **Tagalapat:** | JAY-AR A. ULEP |
| **Tagapamahala:** | ESTELA L. CARINO, Edd., CESO IV<br>RHODA T. RAZON, EdD., CESO V<br>OCTAVIO V. CABASAG, PhD<br>RIZALINO G. CARONAN<br>RODERIC B. GUINUCAY<br>SAMUEL P. LAZAM, PhD<br>EMELYN L. TALAUE<br>EVA O. DELA CRUZ |

**Department of Education – Region 02**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur,
Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1:

## Paniniwala Mo Igagalang Ko

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 1 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Pagkamatapat!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Sa araling ito, matututunan ninyo kung paano igagalang ang paniniwala ng iba o kapwa.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Edukasyon sa Pagpapakatao 1ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Paggalang sa paniniwala ng iba!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Ang modyul na ito ay nilikha at sinulat para sa mga mag-aaral upang mas matutuhan nila ang mga leksyon sa Edukasyon sa Pagpapakatao.Pagkatapos ng mga aralin at gawain, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

Naipapakita ang paggalang sa paniniwala ng iba. May iba't-iba man tayong paraan ng pagsamba at may kani-kanilang pinaniniwalaang Diyos,kailangan ang pagtanggap sa paniniwala ito ay susi sa pagkakaunawaan at pagkakaroon ng kapayapaan :

- Igalang ang paniniwala ng iba
- igalang ang paniniwala ng kamag-aaral

**EsP1PD- IVd-e – 2**

Ang modyul na ito ay nahahati sa dalawang aralin.

Aralin 1- Paniniwala Mo Igagalang ko

Aralin 2- Kamag-aral Ko, Igagalang Ko

## *Subukin*

Iguhit ang  kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba at ( × ) kung hindi. Gawin ito sa inyong kuwaderno.

1. Pinagtatawanan ng mga ibang bata si Marites tuwing sila ay nagpuprusisyon.


2. Tahimik na nakikinig sa pari ang batang si Emma kahit siya ay may ibang pinaniniwalaang Diyos.

3. Ipinaghanda ng nanay ni Marites ng ibang makain ang kanyang kaklaseng Muslim dahil hindi ito kumakain ng karneng baboy.

4. Di tanggap ni Adam na iba ang paraan ng pagsamba ni Fely sa Diyos.

5. Magalang na nagtatanong si Joden kay Alan tungkol sa kanilang paniniwala sa ibang relihiyon .

# Aralin 1 Paniniwala Mo, Igagalang Ko




Bawat tao ay may kaniya-kaniyang pinaniniwalaang Diyos.At bawat paniniwala ay may ibat-ibang paraan ng pagsamba. Paano kung ang paniniwala mo ay hindi katulad paniniwala ng iyong kaibigan ?


# *Balikan*

Suriin ang bawat larawan, lagyan ng (√ )kung ito ay nagsasaad ng TAMA at ( × ) naman kung HINDI

1.Kinukutiya  ni Rodel ang mga batang nagdadasal ng rosaryo.



2. Tahimik na nakikinig si Ana, habang nakayukong nagdadasal ang kaklase niyang Muslim.




3. Nakasimangot na nakipagkamay si Rolan sa mga batang hindi niya tulad ang pinaniniwalaang relihiyon.



## Tuklasin

Panuto: Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong pagkatapos nito. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.

Araw ng Linggo. Ang mag-anak na Santos ay namamasyal . Galing sila sa pagsamba sa bahay dalanginan. Habang naglalakad napansin ni Ana ang kakaibang kasuotan ng isang pamilya.

“Inay bakit iba po ang suot nila? Tanong ni Ana

“May sarili silang paniniwala tungkol sa Dakilang Lumikha’ paliwanag ng kanilang ina.

“Ang  pagkakaiba n gating paniniwala ay batay sa ating relihiyong kinabibilangan. Gayumapaman hindi naman ito hadlang upang maging magkaibigan kayo” Sagot ng kanilang magulang. Sinabi rin ng mga magulang nila na dapat igalang ang aniniwala ng bawat isa.

Sagutin ang mga tanong?

1. Ano ang pagkakaiba ng mga pamilyang nabanggit sa kuwento?

2. may kakilala ka bang pamilya na hindi mo katulad ang paniniwala?

3. Paano mo ipinakikita ang iyong paggalang sa kanilang paniniwala?

## *Pagyamanin*

Ano ang pinakamahalagang natutuhan mo sa araling ito?

Kompletuhin ang pangako sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

1. Lubos kong nauunawaan na may iba't – iba man tayong paniniwala sa Dakilang Lumikha dapat lamang na_____________________________________________

______________________________________________

2. Natutunan ko rin na iba man ang paniniwala ng iba kong kamag-aaral .Dapat ko itong________________________

______________________________________________

## *Isaisip*

I ibang paniniwala ang mga Pilipino tungkol sa dakilang Lumikha. May iba't iba ring paraan ng pagsamba sa Kaniya.

Ang paggalang at pagtanggap sa paniniwala at pagkakaiba-iba ng relihiyon ng bawat isa ay susi sa pagkakaunawaan at pagkakaroon ng kapayapaan.

Bilang isang batang Pilipino, mahalagang maipakita mo na iginagalang mo ang paniniwala ng iba.

Iba't- iba man ang paniniwala, ang mahalaga ay nagkakaisa tayo sa paniniwala na may iisang Diyos. Maaari nating igalang ang paniniwala sa gawaing panrelihiyon ng iba sa pamamagitan ng mga sumusunod:

1. pagiging tahimik sa lahat ng bahay dalanginan kung may misa o pagsamba, may nagdarasal, at may prusisyon

2. pagtanggap sa kanila bilang kaibigan at paggalang sa kanilang kasuotan, kilos, at mga gawaing pang simbahan.

## Isagawa

Itanong at ipasulat mo saiyong mga magulang at nakatatandang kasapi ng pamilya kung anong gawaing panrelihiyon ang kanilang sinusunod. Sa ilalim ng kanilang sagot isulatmo kung paano mo igagalang ang mga ito .

## Tayahin

Basahin ang mga pangungusap sa bawat bilang. Isulat ang titik ng wastong sagot sa kuwaderno.

1. Ano ang dapat mong gawin kung may gawaing panrelihiyon ang iyong paaralan at hindi ka naman nabibilang sa kanilang pinaniniwalaang Diyos?
    a. Sasabihin nang maayos sa guro na hindi ka maaring sasali sa ganoong mga pagtitipon.
    b. Huwag pansinin ang guro
    c. Sasali ngunit gawin ko itong katatawanan

2. Paano mo maipakikita ang pagiging magalang sa ibang relihiyon na hindi katulad ng sa iyo ang pinaniniwalaang Diyos?
    a. Huwag silang papansinin.
    b. Pagiging tahimik sa lahat ng bahay dalanginan
    c. Matapat lagi sa kanila.

3. Nakita mong kasalukuyan ang misa sa simbahan, habang kayo ay naghahabulan at nagsisigawan malapit doon, ngunit ikaw ay hindi katoliko ano ang iyong gagawin?
a. Ipagpapatuloy parin ang pakikipaglaro.
b. Patigilin ang mga kasama ko at lalayo nalang doon.
c. Sisigaw parin ng malakas.

4. Kaarawan mo bukas ngunit may isa kang kaklase na hindi kumakain ng karneng baboy dahil isa siyang Muslim. Ano ang iyong gagawin?
a. Huwag na lamang siyang imbitahan.
b. Sabihin kay nanay na ipagluluto nalang niya ng ibang makain para siya ay makasama sa handaan.
c. Yayayain ko parin siya at pilitin na lamang siyang kumain ng aking handa.

5. Ang mga Muslim ay nagsusuot ng putong kung sila ay nagpupunta sa bahay dalanginan. Dapat ba silang pagtawanan?

a. Oo b. hinde

## *Karagdagang Gawain*

Gumawa ng isang pangungusap sa iyong kuwaderno kung paano mo maipakikita ang pagiging magalang sa may ibang pinaniniwalaang Diyos.

## Aralin 2 Kamag-aral Ko, Iginagalang ko



Bawat tao ay may kani-kaniyang paniniwala na dapat igalang upang magkaroon ng kapayapaan sa lahat ng oras at pagkakataon.

## *Balikan*


Punan ng wastong salita ang guhit sa ibaba upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

Kapag ako ay pumupunta sa ibang bahay dalanginan dapat ako ay____________________.

## *Tuklasin*

Piliin kung alin sa mga larawan ang gawain panrelihiyon na sinusunod ng iyong pamilya.  Isulat ang titik ng iyong sagot sa kuwaderno.







## *Suriin*

Sagutin ang mga tanong:

1. Aling titik  ng gawaing panrelihiyon ang iyong pinili? Bakit?

2. Ano ano ang mga Gawain at paniniwalang panrelihiyon ang sinusunod ninyo?

3. Ano ang dapat gawin o paniniwalang panrelihiyon ng iyong mga kaklase at ng ibang tao? Bakit?

## Pagyamanin

1. Ano ang dapat gawin sa paniniwalang iyong kamag-aral at ibang tao lalo na sa relihiyon na hindi katulad ng sa iyo? Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

## Isaisip

Maaari nating igalang ang paniniwala at gawaing panrelihiyon ng iba sa pamamagitan ng sumusunod:

1. pagiging tahimik sa lahat ng bahay dalanginan kung may misa o pagsamba,may nagdarasal,at may prusisyon:at

2. pagtanggap sa kanila bilang kaibigan at paggalang sa kanilang kasuotan, kilos,at mga gawaing pangsimbahan.

## *Isagawa*

Itanong at ipasulat mo sa iyong mga magulang at nakatatandang kasapi ng pamilya kung anong gawaing panrelihiyon ang kanilang sinusunod. Sa ilalim ng kanilang sagot isulat mo kung paano mo igagalang ang mga ito. Palagdaan ito sa kanila.

## *Tayahin*

Lagyan ng tsek (√) ang kolum sa tapat ng salitang Oo kung sumasang-ayon ka sa pahayag sa bawat pangungusap at ang kolum sa tapat ng salitang Hindi kung hindi ka sumasang-ayon

| | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Pagtanggap sa kaibigan at paggalang sa kanilang relihiyon | | |
| 2.lahat ng tao ay pare-pareho ang pinaniniwalaang Diyos | | |

| | | |
|---|---|---|
| 3. Iba't-iba man ang relihiyon ang mahalaga ay nagkakaisa tayo sa paniniwala na may iisang Diyos. | | |
| 4. hindi pagtanggap sa kamag-aral na iba ang pinaniniwalaang Diyos. | | |
| 5. hindi dapat igalang ang hindi mo pinaniniwalaang relihiyon | | |

## *Karagdagang Gawain*

Gumawa ng isang pangako na igagalang ang paniniwalaat gawaing panrelihiyon ng iba.

## *Susi sa Pagwawasto*

### *Aralin 1*

| | | | |
|---|---|---|---|
| Subukin<br>1. X<br>2. ♥<br>3. ♥<br>4. X<br>5. ♥ | Balikan<br>1. X<br>2. √<br>3. X | Pagyamanin<br>(Puwedeng magkakaiba ang sagot) | Tayain<br>1. a<br>2. b<br>3. b<br>4. b<br>5. b |

*Aralin 2*

| | |
|---|---|
| Karagdagang Gawain:<br>( Iba- iba ang sagot ng mga bata) | Tayahin:<br>1. oo<br>2. hindi<br>3. oo<br>4. hindi<br>5.hindi |

# *Sanggunian*


- EsP Most Essential Learning Competencies (MELC) for Grade 1

o

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph